# GABAY

## PAGGAWA NG ISANG PAGSUSUMITE SA IMBESTIGASYON SA SEKTOR NG EDUKASYON AT PANGANGALAGA NG MGA BATA SA MURANG EDAD

**Maaari mong ibahagi ang iyong mga pananaw at karanasan sa komiteng ito sa pamamagitan ng isang pagsusumite (ng pahayag) para sa imbestigasyong ito. Makakatulong ito sa mga miyembro ng komite na maunawaan kung ano ang nararamdaman mo, ng iyong pamilya, ng inyong organisasyon, o ng inyong komunidad tungkol sa isyung ito.**

### Paano ako makapagsusumite ng pahayag?

Maaari kang magsumite ng isang nakasulat na pahayag para sa imbestigasyong ito sa pamamagitan ng email. Ipadala ang iyong pagsusumite sa PortfolioCommittee3@parliament.nsw.gov.au. Hindi kailangan Ng mahaba, pormal, o detalyadong pagsusumite. Ang mahalaga ay malinaw nitong nailalahad ang iyong mga pananaw kaugnay ng mga tuntunin ng sanggunian. Ang mga tuntuning ito ay isinalin na rin sa iba't ibang wika at makikita sa website ng imbestigasyon na tuntunin ng sanggunian tab (terms of reference tab).

Sa iyong pagsusumite, nararapat mong:

- Ipakilala ang iyong sarili o ang iyong organisasyon,
- Tiyaking may kaugnayan, malinaw, at tuwiran ang pagbabahagi ng iyong opinyon,
- Balangkasin ang mga isyu at isama ang mga posibleng solusyon o rekomendasyon,
- Iwasang magsama ng negatibong komento tungkol sa iba,
- Ipahayag kung nais mong magbigay ng ebidensya sa isang pagdinig o hindi.

Ang huling araw ng pagsusumite ay sa **Linggo, ika-15 ng Hunyo 2025**. Kung nais mong humiling ng pagpapalawig, mangyaring mag-email sa PortfolioCommittee3@parliament.nsw.gov.au.

Kapag naisumite mo na ang iyong pahayag, makakatanggap ka ng email ng kumpirmasyon kapag ito ay naproseso na.

### Inilalathala ba sa publiko ang mga pagsusumite?

Ang komite ang magpapasya kung ilalathala o hindi ang iyong pagsusumite. Kapag isinumite mo ito, dapat mong ipabatid kung:

- Nais mong mailathala ang iyong pagsusumite, na may pangalan mo o wala,
- Mas nais mong manatiling kumpidensyal ang kabuuan o bahagi ng iyong pagsusumite, kabilang na ang iyong pangalan, at ilahad ang mga dahilan kung bakit.

Bago magpasya kung ilalathala ang pagsusumite, isasaalang-alang muna ng komite ang iyong kahilingan.

### Bakit kailangan ng isang pagsusumite?

Madalas na ang mga impormasyon mula sa mga pagsusumite ay isinasama sa ulat ng komite (maliban kung ito ay kumpidensyal), at maaaring pagbasehan ng mga rekomendasyon at/o natuklasan ng komite. Mahalaga ang pagbabahagi ng iyong pananaw, karanasan, o kuwento dahil maaari itong magkaroon ng malaking epekto at magdulot ng pagbabago sa mga patakaran, desisyon, o batas ng pamahalaan.

## Karagdagang impormasyon

Tingnan ang website para sa impormasyon tungkol sa pagtatanong. Makipag-ugnayan sa kawani ng komite para sa tulong sa pagsasalinwika o upang humiling ng pagpapalawig ng takdang petsa para sa pagsusumite.


www.bit.ly/ECEC-Inquiry

(02) 9230 3081

PortfolioCommittee3@parliament.nsw.gov.au